# Pagsusuri sa mga Obra Maestrang Isina-Komiks: Tungo sa Pagbuo ng Pamantayan sa Pagsusuri ng Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya

Sharon Rose D.R. Aguila

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga obra maestrang isina-komiks na magsisilbing gabay sa pagbuo ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng mga obra maestra sa antas sekundarya. Naging batayan sa pagsusuri ang teorya ni McCloud (1993; 2006) na Word-Picture Combinations at transisyon ng mga pangyayaring magpapalutang sa kasiningang taglay ng naturang babasahin. Binigyang-tuon din sa pagsusuri ang simulain nina Gimena (2011) at Valiente (2009) kaugnay sa mga pangnilalaman at teknikal na elemento ng komiks. Matapos ang pagsusuri, isinaalang-alang ang Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004), maging ang prinsipyo sa pagbuo at pagpili ng pantulong na kagamitan nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001) para sa paglikha ng pamantayan na ipinaebalweyt sa mga guro ng Filipino sa antas sekundarya at mga eksperto sa larangan ng komiks.

Batay sa mga naging resulta, natuklasan ang kahalagahan ng pagsusuri sa mga babasahing gagamitin bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo upang mapiling mabuti ang mga suplementaryong materyal na ipagagamit sa mga mag-aaral.

**Panimula**

Hindi na mabilang ang pagbabagong dulot ng teknolohiya na tunay ngang masasalamin sa kasalukuyang panahon. Isa sa mga pinakamalaking pagbabagong ito ang pagkakaroon ng iba't ibang makabagong paraan ng pagkuha ng impormasyon. Marami na at patuloy pang dumarami ang mga sanggunian na siyang ginagamit ng mga mag-aaral sa pagkuha ng mga kinakailangang kaalaman para sa kanilang pagkatuto. Maliban dito, isinasaalang-alang din ang mga bagay o gawain na maaaring magbigay ng motibasyon sa kanila upang magkaroon ng kawilihan sa pag-aaral.

Sa anumang asignatura, iba't ibang kagamitan ang nililinang upang makatulong nang lubusan sa mga edukador maging sa mga magulang para maisakatuparan ang layunin ukol sa ganap at epektibong pagkatuto ng isang mag-aaral. Sa mga guro sa wika at panitikan, napakahalagang magkaroon ng maraming alternatibong kagamitan na pumupukaw sa interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto lalo't higit sa paglinang ng mga makrong kasanayan. Kabilang sa mga kasanayang ito ang pagbasa. Sa gawaing ito, mahalaga na maipagpatuloy ang kawilihan sa mga makabuluhang akdang pampanitikan bilang pundamental na bahagi ng ating kultura at buhay. Hindi ito nararapat na alisin bilang salamin ng ating mga kaugalian, saloobin, at paniniwala.

Sa kasalukuyang panahon, ang iba't ibang genre ng panitikan ay kakikitaan na rin ng maraming pagbabago na sumasabay sa nagbabago ring panlasa ng henerasyon ngayon. Ito ang dahilan kung bakit kailangang pagtuunan ng pansin ang pag - aaral ng kulturang popular na siyang sumasaklaw sa malawak na impluwensiyang hatid ng modernisasyon. Bunga nito, sumilang ang isang mukha ng panitikan na patuloy ring nililinang habang pinag-aaralan - ang Panitikang Popular. Ayon kay Maramba (2006), ang mga mag-aaral sa henerasyong ito ay sadyang pilit na tumutuklas ng mga babasahing tutugon sa hinahanap ng kanilang panlasa.

Sa aklat ni Reyes (1997), isa sa mga itinuturing na kabilang sa saklaw ng Panitikang Popular ang komiks. Inilahad niya rito na hindi lahat ay tinitingnan ang komiks bilang lehitimong anyo ng panitikan ngunit sa kabila ng mga batikos na inabot nito, ang komiks ay minsang nagsilbing kawing na nag-uugnay sa milyon-milyong mambabasa. May taglay itong kapangyarihan na ipabatid sa mga tao ang iba't ibang senaryo na may katotohanan hindi lamang sa imahinasyon kundi sa aktuwal na buhay ng mga Pilipino.

Gayunpaman, ang pagbabalik ng interes sa komiks ay tumagal lamang hanggang sa simula ng taong 1990. Nagsimulang mahumaling ang mga Pilipino sa ibang anyo ng paglilibang na dulot ng modernisasyon at makabagong teknolohiya. Sa kabilang banda, dumating man sa puntong bumagsak ang industriya ng komiks, hindi pa rin lubusang maiaalis ang tatak na iniwan nito sa mambabasa sapagkat hanggang sa kasalukuyan ay nagagamit pa rin ang komiks sa paghahatid ng natatanging impluwensiya. Isa na rito ang paggamit ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtalakay ng mga obra maestrang itinuturo sa antas sekundarya. Maliban sa pagsusuri sa sining ng pagbuo ng komiks, ang natuklasan sa pag-aaral ay nagsisilbing gabay upang makapili ng mga angkop na suplemental sa pagpapadali ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa isang akda. Hindi ito nangangahulugan na isasantabi ang paggamit ng mga orihinal na anyo ng isang obra maestra, bagkus ay magiging katuwang ang mga karagdagang babasahin upang higit na maging mayaman ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Batayang Konseptwal**

**Mga Simulain at Pananaw sa Pagbuo ng Komiks**

Nagbigay si McCloud (1993; 2006) ng pitong paraan ng pag-uugnay ng salita at larawan upang makabuo ng mga natatanging *effects* sa paglikha ng komiks. Ang mga ugnayang ito ay may dulot na kapangyarihan sa pagpapabatid ng impormasyon at mensahe. Kabilang sa mga ugnayang ito ang sumusunod: *word-specific, picture-specific, duo-specific, intersecting, interdependent, parallel at montage.* Sa mga ugnayang ito, makikita ang magkatimbang na gampanin ng mga salita at mga larawan sa epektibong pag-unawa sa nilalaman ng komiks. May mga pagkakataong dominante ang paggamit ng mga salita sa isang kuwadro, kung minsan naman ay nangingibabaw ang paggamit ng mga larawan sa paghahatid ng mensahe. May ilan

ding bahagi kung saan magkaagapay ang larawan at mga salita samantalang sa iba pang bahagi ay matutunghayan ang malayang representasyon ng isang larawan o mga salita sa paghahatid ng mensaheng nasa kuwadro.

Kasama rin sa mga tinalakay ni McCloud (1993; 2006) ang hinggil sa pagbuo ng transisyon sa komiks na tumutukoy sa paglilipat ng eksena patungo sa isa pa. Ang pagsasara ay napakahalaga upang makabuo ng transisyon sa komiks. Kabilang sa mga transisyon na tinalakay ang sumusunod: transisyon ng sandali, transisyon ng aksyon, transisyon ng tema, transisyon ng eksena, transisyon ng aspekto at non-sequitur. Ayon kay McCloud (1993; 2006), ang mga transisyong ito ang pinakasistematikong paraan ng paglalahad ng daloy ng mga eksena na ginagamit ngayon sa komiks.

Para sa pagsusuri sa mga elementong pangnilalaman ng komiks, isinaalang-alang naman ang mga ibinahaging simulain at pananaw nina Gimena (2011) at Valiente (2009) kabilang ang banghay, tauhan, diyalogo, salaysay, pananaw, tema at estilong ginamit sa mga nalikom na bersyon ng bawat obra maestrang isina-komiks, gayundin ang pahinasyon at kuwadro para sa teknikal na aspekto.

**Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa**

Ayon kay Weiner (1990), ang motibasyon ay kasabay na natatamo sa pagkatuto habang ang antas ng pagkatuto ay nagsisilbi namang indikasyon ng motibasyon.

Isa sa mga teorya ng pagkatuto sa pagbasa ay ang Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa kung saan inilahad nina Guthrie at Wang (2004) ang mga panloob na salik (kuryosidad, kabahagi, preperensya sa mapanghamong materyal) at mga panlabas na salik (kompetisyon, pagkilala, marka, pagsunod, sosyolohikal) na nakaaapekto sa motibasyon ng mag-aaral upang magbasa.

Sa kabuuan, ang panloob na motibasyon ay positibong maiuugnay sa kakayahan ng mag-aaral na magbasa. Ayon pa kina Guthrie at Wang (2004), ang mag-aaral na nagtataglay ng panloob na motibasyon ay higit na makapagtatamo ng mayaman at malalim na pagkaunawa at pagpapahalaga sa binabasang materyal, gayundin sa pagdebelop ng kasanayan sa pagbasa.

**Mga Simulain at Pananaw sa Pagbuo ng Pantulong na Kagamitan**

Nagbigay si Lardizabal et al. (2002) ng ilang mahahalagang patnubay sa pagpili at pagbuo ng mga pantulong na kagamitan kabilang ang sumusunod:

1. kaangkupan ng materyal sa itinakdang paggagamitan nito
2. pagiging akma ng materyal sa kakayahan ng mga mag-aaral
3. kalidad ng materyal

Ilan pa sa mahahalagang prinsipyo kaugnay sa pagdisenyo ng pantulong na kagamitan ang ibinahagi naman ni Tomlinson (2001). Ito ay ang sumusunod:

1. nakatutulong sa paghubog ng kamalayang kultural ng mga mag-aaral
2. nakahihikayat sa epektibong paggamit ng wika ayon sa konteksto
3. nagbibigay kahandaan sa mga mag-aaral sa paksa o araling tatalakayin
4. nakahihimok sa mga mag-aaral na makisangkot sa mga gawaing magpapayaman ng kanilang pagkatuto

Sa proseso ng pagbuo ng pamantayan, iniugnay ang implikasyon ng mga bahaging sinuri upang mahikayat na magbasa ang mag-aaral batay sa Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004). Mahalagang matiyak na ang mag-aaral ay nahihikayat na pag-aralan at suriin ang mga obra maestrang tinatalakay dulot ng mga panloob na salik ng motibasyon. Upang matugunan ito, isinaalang-alang bilang bahagi ng kraytirya sa pagsusuri ang pangkalahatang prinsipyo sa pagbuo at pagpili ng pantulong na kagamitan nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001).

**Layunin**

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang mga obra maestrang isina-komiks batay sa teorya ni McCloud (1993; 2006) na Kombinasyong Salita-Larawan, gayundin ang mga elemento at aspekto ng komiks ayon kina Gimena (2011) at Valiente (2009). Magsisilbing gabay ang pagsusuri sa pagbuo

ng pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng mga obra maestra sa antas sekundarya, batay sa Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004), maging ang mga simulain at pananaw sa pagdisenyo at pagpili ng pantulong na kagamitan nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001).

**Mga Kaugnay na Literatura**

**Ang Kultura ng Komiks Bilang Panitikang Popular**

Ang komiks ay isa sa mga maituturing na kabilang sa panitikang popular na hindi matatawaran ang naging kontribusyon sa lipunang Pilipino. Para kay Gimena (2011), isang "social phenomenon" ang eksistensiya ng komiks sa loob ng humigit anim na dekada. Naging behikulo rin ito upang matutong magbasa ang mga kabataan at maging ang mga nakatatandang hindi nabigyan ng pagkakataon upang makapag-aral nang pormal.

Bilang karagdagan, komiks ang naging sanhi upang magising ang kamalayan sa dalawang uri ng sining na nakapaloob dito – ang sining ng pagsulat at pagguhit. Naging daan ito para mahasa ang mga talento patungo sa iba pang larangan o midyum na may kaugnayan din sa sining.

**Ang Komiks at ang Kaligirang Pangkasaysayan Nito**

Tinukoy ni Sabin (1993) ang tradisyonal na imahen ng komiks bilang ilehitimong anyo ng panitikan—ordinaryo, karaniwan, mura, di-pangmatagalang manipestasyon ng panlasa at hindi kapupulutanng makabuluhang kaisipan. Gayunpaman, sa mga nakalipas na taon, ang komiks ay nagkaroon ng pagbabagong-bihis. Tinawag ito ng media na isang "rebolusyon" na nagtatanghal sa komiks bilang isang babasahin na maaaring maging instrumento sa pag-unawa sa tunay na kalagayan ng isang estado at sa transpormasyon ng paniniwala hinggil sa kulturang popular.

Sa ating bansa, nagsagawa ng pagtalakay sa komiks si Reyes (1997; 2002) bilang produkto ng Amerikanisasyon sa Pilipinas. Ito ay nanggaling sa bansang Amerika at popular sa tawag na comic strip mula pa noong unang bahagi ng ika-dalawampung siglo. Noong pahanon ng Kastila, naging isang mahalagang bahagi na ng katutubong panitikan ang piktoryal na tradisyon. Nagkaroon ng mga ilustrasyon upang ilarawan ang mga tao sa sinaunang awit at korido maging sa mga aklat ng mga relihiyoso tulad ng mga buhay ng santo na nilangkapan din ng mga natatanging larawan.

Sa kabila ng lahat ng ito, ang pagbabalik ng interes sa komiks ay tumagal lamang hanggang sa simula ng taong 1990 sapagkat nagsimula na ring mahumaling ang mga Pilipino sa ibang anyo ng paglilibang. Dahil dito, hindi naiwasang magkaroon ng pagtitipid sa produksyon ang maraming gumagawa at naglalathala ng komiks. Sa puntong ito, ang mga nagipit na manggagawa sa industriya ng komiks ay nawalan ng gana sa paglikha ng mga bagong kuwento. Naging kapansin-pansin ang tila pag-uulit na lamang sa mga lumang kuwento at waring pangkaraniwan na lamang ang paraan ng pagguhit ng mga ilustrador. Hindi na nito nasasalamin ang mayamang tradisyon ng komiks na nasimulan noon.

Nagbahagi si Nilsen (2001) ng ilang konsiderasyon upang mapanumbalik ang interes ng mga mambabasa, partikular na ang mga kabataan sa pagkakaroon ng pagpapahalaga sa panitikan. Kabilang dito ang anyo ng panitikang popular na komiks na sa kasalukuyang panahon ay humahanap ng lugar upang magamit sa larangan ng edukasyon.

**Mga Simulain at Pananaw sa Pagbuo ng Komiks Bilang Pantulong na Kagamitan**

Sadyang malaki ang impluwensyang hatid ng kakayahan ng guro na magturo sa lawak ng pagkatuto at kung paanong natututo ang mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang masusing pagpili sa pantulong na kagamitan gaya ng komiks ay maaaring maging daan para hikayatin din ang mga mag-aaral na makisangkot sa kanilang sariling pagkatuto. Para kina Owens (1969) at Douglas (1967), kung magagamit lamang nang maayos ang komiks, maaari itong maging isang makapangyarihang kagamitan sa larangan ng edukasyon.

Ayon naman kay Hofferman (1962), ang komiks ay sadyang makulay sapagkat nagpapakita ito ng mga grapikong presentasyon na makatutulong sa mambabasa upang agad na makuha ang kahulugan ng kanyang binabasa. Bilang isang guro,

pinahahalagahan din ni Makey (1962) ang kakayahan ng komiks na mapukaw ang atensyon ng mga mag-aaral at makabubuting hayaan silang magbasa ng komiks na kanilang nauunawaan sapagkat walang tunay na pagbasa kung walang pag -unawang nagaganap. Kaugnay nito, hinihikayat sa pag-aaral ni Velasco (1989) ang pagbabasa ng komiks upang mapag-ibayo ang interes ng mga mag-aaral. Gayundin, inirekomenda niya ang paggamit ng komiks sa pagtuturo ng mga aralin sa pagbasa upang mapataas ang antas ng komprehensyon, mapaunlad ang kahusayan sa pagbigkas ng mga salita at patuloy na mahalin ng mga mag-aaral ang pagbasa.

**Mga Simulain at Pananaw sa Pagpili at Pagbuo ng Pantulong na Kagamitan**

Sinabi nina Lardizabal et al. (2002; 2014) na ang pagtuturo ay isang proseso ng komunikasyon ng guro at mag-aaral. Hindi sapat na manatili lamang ang komunikasyong ito sa berbal na aspekto. Iba't ibang kasangkapan ang maaaring gamitin ng guro upang maisakatuparan ang natatanging layunin.

Ipinaliwanag ni Arellano (1981) na ang mga guro sa kasalukuyan ay humaharap sa napakaraming kagamitang pampagtuturo at iba pang pantulong na kagamitan kung saan ang nagiging suliranin ay ang wastong pagpili nito upang magamit sa layuning matamo ang pinakamataas na kahalagahang pangkagamitan. Sang-ayon din ito sa punto ni Straiger (1982) na ang mga pinakaepektibong kasangkapan ay kinakailangang magamit sa pagtuturo kung kaya nararapat lamang na piliing mabuti ng guro ang kanyang gagamitin sapagkat ito ay isang salik na nakaaapekto nang malaki sa pagkatuto.

Naglahad si Nunan (1988; 1998) ng patnubay sa pagdisenyo at pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo kabilang ang sumusunod:

1. kailangang maglaman ng mga gawaing magdudulot ng interaksyon sa mga mag-aaral batay sa kurikulum na pinagsisilbihan nito
2. awtentiko at nagpapakita ng mga gawaing katulad sa mga bagay na masusumpungan sa labas ng silid-aralan
3. humihikayat sa mga mag-aaral na gamitin sa produktibong paraan ang mga kasanayang natamo tungo sa higit na pagkatuto
4. humihikayat sa mga mag-aaral na gamitin sa labas ng silid-aralan ang mga natamong kasanayan

Para kina Guamen et al. (1993) at Erickson (1992), kailangang isaisip ng guro ang ilang simulain na makatutulong sa kanya sa paghahanda ng kagamitang pampagtuturo. Kabilang sa mahahalagang bahagi ng kagamitan ang pagbibigay-tuon sa dating kaalaman kung saan tinitingnan ng mag-aaral ang mga tiyak na elemento tulad ng panimula, mga ilustrasyon, at iba pang grapikong pantulong na nakapaloob sa kagamitan.

Kaugnay nito, nag-organisa si Straiger (1982) ng klasipikasyon ng mga materyal: ang *basal text* o tekstong ginagamit sa pangkalahatang pag-aaral tulad ng matatagpuan sa mga aklat, *workbook* o sanayang aklat at mga suplementaryong materyal na likha ng guro at itinuturing na *skill text*, patnubay sa pag-aaral at *kit* sa sariling pagkatuto.

Tumutukoy sa mga karagdagang gawain, pagsasanay sa mga paksang tinalakay at iba pang karagdagang babasahin ang mga suplementaryong materyal. Binuo ito upang maging kaagapay ng guro sa pagpapalawig ng aralin at pagpapayaman ng kasanayan ng mga mag-aaral. Sang-ayon din kay Diaz (2006), hindi lamang dapat bumatay ang mga guro sa mga sangguniang ibinigay ng administrador ng paaralan, bagkus, higit na makatutulong ang mga karagdagang babasahin at mga awtentikong teksto sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa. Inilahad naman ni Bernabe (2001) na dapat pagyamanin ang kurikulum ng mga materyal na pansuplementaryo. Kailangang kalakip sa mga ito ang mga gawaing nakapupukaw sa kuryusidad, nakapagpapayaman ng imahinasyon at hahamon sa diwang mag-isip at mangatuwiran.

**Metodolohiya**

Ang pananaliksik na ito ay isang deskriptibong pag-aaral kung saan sinikap ng mananaliksik na malikom ang mga bersyon ng komiks ng bawat obra maestra at inisa-isang tingnan ang mga elemento at bahaging tinalakay sa mga simulain at pananaw nina McCloud (1993; 2006), Gimena (2011) at Valiente (2009). Upang maging sistematiko ang pagsusuri,

bumuo ng mga talahanayan ang mananaliksik kung saan makikita ang mga uri ng kombinasyon ng salita at larawan, transisyon, mga elementong pangnilalaman at teknikal na aspekto ng komiks. Sa katapusan ng bawat talahanayan ay ibinuod ng mananaliksik ang resulta ng ginawang pagsusuri upang makita ang kabuuang proseso.

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga sinuring bersyon ng mga obra maestrang isinakomiks kabilang ang kompanyang naglathala, awtor at ilustrador nito. Sa bawat bersyon, matutuklasan ang iba't ibang estilo ng pagkatha at ilustrasyon.

Mula sa isinagawang pagsusuri sa mga naturang bersyon, nabuo ang pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan. Ipinataya ito sa mga ebalweytor pagkatapos na napili sa pamamagitan ng tiyakang *sampling* – sampung guro sa Filipino na nagtuturo sa antas sekundarya at limang eksperto sa larangan ng komiks. Gumawa ang mananaliksik ng tseklist para sa pagtataya gamit ang Iskalang Likert kung saan itinala ng mga ebalweytor ang kanilang tugon sa bawat kraytirya. Makikita sa Talahanayan 2 ang kabuuang datos na nakuha mula sa mga ebalwasyong ibinigay gamit ang sumusunod na iskala ng pagpapahalaga:

5 – Lubos na sumasang-ayon
4 – Sumasang-ayon
3 – Di gaanong sumasang-ayon
2 – Di sumasang-ayon
1 – Lubos na di sumasang-ayon

Batay sa ebalwasyong isinagawa, lumabas ang resultang *average* na 4.8 para sa lahat ng sinuring aytem na nangangahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga ebalweytor sa bawat katangiang dapat taglayin ng binuong pamantayan. Bilang karagdagan, sinikap ng mananaliksik na isaayos ang binuong pamantayan kalakip ang mga komento at mungkahing mula sa mga ebalweytor. Binigyang-tuon ang iba pang mahahalagang anggulo sa pagsusuri ng komiks tulad ng ilustrasyon o paraan ng pagkakaguhit at ang pagsasaalang-alang sa orihinal na obra maestrang pinaghanguan nito upang matiyak na magiging epektibong katuwang ang komiks sa pagpapayaman ng aralin. Ginamit ding gabay ang ebalwasyon upang mas maging

***Talahanayan 1.***
*Mga Sinuring Bersyon ng mga Obra Maestrang Isina-Komiks*

| Obra Maestra | Kompanyang Naglathala | Awtor | Ilustrador |
|---|---|---|---|
| Ibong Adarna Bersyon 1 | Atlas Publishing Co., Inc. | Glady E. Gimena | Ric Neri |
| Bersyon 2 | Manlapaz Publishing Co., Inc. | Ped C. Tiangco | Mike C. Lombo, Jr. |
| Florante at Laura Bersyon 1 | Mindmaster Publishing, Inc. | Terry Bagalso at Josie Domingo | Rodel Noora |
| Bersyon 2 | Manlapaz Publishing Co., Inc. | Ped C. Tiangco | Mike C. Lombo, Jr. |
| Noli Me Tangere Bersyon 1 | Manlapaz Publishing Co., Inc. | Jose Domingo, Jr. | Apo Ynares |
| Bersyon 2 | National Bookstore Publications | Leo Miranda at D.G. Dumaraos | Ruben M. Fabian |
| El Filibusterismo Bersyon 1 | Manlapaz Publishing Co., Inc. | Jose Domingo, Jr. | Apo Ynares at Mar Amongo |
| Bersyon 2 | National Book Store Publications | Grace R. Miranda | Ruben M. Fabian |

*Talahanayan 2.*

*Ebalwasyon ng mga Guro ng Filpino at mga Eksperto sa Larangan ng Komiks sa Binuong Pamantayan sa Pagsusuri ng Pantulong na Kagamitan sa Antas Sekundarya*

| Mga Katangian ng Pamantayan | Kabuuang Puntos ng mga sagot sa bawat aytem | Average ng kabuuang puntos | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Malinaw ang pagkakalahad ng panuto sa pagsagot ng pamantayan. | 72 | 4.8 | Lubos na sumasang-ayon |
| 2. Angkop at konsistent ang paggamit ng mga salita na nakatulong sa pag-unawa ng bawat katangiang susuriin. | 73 | 4.9 | Lubos na sumasang-ayon |
| 3. Wasto ang baybay ng mga salita at paggamit ng mga bantas. | 70 | 4.7 | Lubos na sumasang-ayon |
| 4. Naisama ang lahat ng anggulong dapat masuri sa mga elemento at aspekto ng komiks. | 70 | 4.7 | Lubos na sumasang-ayon |
| 5. Organisado ang pagkakasunod-sunod ng mga katangian sa bawat kategoryang susuriin. | 73 | 4.9 | Lubos na sumasang-ayon |
| 6. Naisaalang-alang ang orihinal na anyo ng akda / obra maestra sa mga kategoryang susuriin. | 71 | 4.7 | Lubos na sumasang-ayon |
| 7. Nabigyang-pansin ang kritikal at malalim na pagsusuri sa kasiningan ng komiks. | 69 | 4.6 | Lubos na sumasang-ayon |
| 8. Natukoy ang mahahalagang konsiderasyon sa pagsusuri ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa kabuuan ng pamantayan. | 74 | 4.9 | Lubos na sumasang-ayon |
| | | **KABUUANG AVERAGE=4.8** | **Lubos na sumasang-ayon** |

angkop ang paggamit ng mga termino at maiwasto ang kaunting tipograpikal na pagkakamali nang sa gayon ay higit na maunawaan ng sinumang gagamit.

**Paglalahad ng mga Kinalabasan ng Pag-aaral**

Sa pagtungo ng mananaliksik sa iba't ibang *bookstore* at iba pang pamilihan upang makahanap ng mga komiks ng apat na obra maestrang itinuturo sa antas sekundarya, natuklasan na ang bawat obra kabilang ang Ibong Adarna, Florante at Laura, Noli Me Tangere, at El Filibusterismo ay may dalawang bersiyon lamang sa wikang Filipino. Sa pagsusuri sa mga ito, lumutang ang iba't ibang ugnayan ng mga salita at larawan kabilang ang *word-specific, picture-specific, duo-specific, intersecting, interdependent, parallel* at *montage* na nakatulong upang maipahatid ang mensahe sa paraang malinaw na mauunawaan ng mga mag-aaral at maiuugnay sa kanilang nabasa mula sa orihinal na anyo ng mga obra maestra. Sa kabilang banda, kinakitaan din ito ng ilang kahinaan na nararapat pang paunlarin.

Iba't ibang uri rin ng transisyon ang ginamit sa mga obra maestrang isina-komiks upang maipakita ang pagpapalit ng mga eksena. Batay sa pagsusuri ng mananaliksik, pinakagamitin sa mga uri ng transisyong ito ang *action-to-action* at *subject-to-subject* na naging daan upang higit na mapabilis ang daloy ng mga pangyayari at mabigyang-tuon ang piling mahahalagang tagpo.

**Mga Pangnilalamang Elemento at mga Teknikal na Aspekto**

1. Ang mga sinuring obra maestrang isina-komiks ay pare-parehong nagtataglay ng mga pangnilalamang elemento kabilang ang banghay, tauhan, diyalogo o mga usapan,

salaysay, pananaw, tema at estilo. Maliban dito, kinapapalooban din ang mga komiks ng teknikal na aspektong sumasaklaw sa pahinasyon at iba't ibang uri ng kuwadro. Batay sa pagsusuri sa mga bahaging ito, nakita kung paanong ginawang mas tuwiran ng mga isina-komiks na bersyon ang pagtatampok sa mga pangyayari at ang pagpapakilala sa mga tauhan na kalakip ang mga biswal na representasyong hango sa orihinal na akda. Maiuugnay ito sa mga kapakinabangan at naibigang katangian ng mga obra maestrang isinakomiks para sa mga mag-aaral na nagbabasa nito. Gayunman, kinakitaan pa rin ang mga babasahing ito ng mga kahinaan na nararapat pang paunlarin upang makatulong sa susunod pang nagnanais magsulat at maglathala ng mga komiks para sa mga mag-aaral. Isa sa mga nakitang kahinaan ay ang maling baybay at di angkop na paggamit ng mga partikular na salitang maaaring magdulot ng kalituhan sa mga mambabasa.

2. Magkatulad ang uri ng banghay na ginamit sa dalawang bersyon ng mga obra maestra na kagaya rin sa pagkakahabi ng banghay ng orihinal na anyo ng bawat obra. Mapapansin dito ang paggamit ng pangalan ng partikular na tauhan o mga tauhan bilang pamagat sa mga banghay na *character-oriented* upang ipakita na ang malaking suliranin o tunggalian ay umiikot sa karakter. Para naman sa banghay na *plot-oriented*, kumikilos ang mga tauhan ayon sa iba't ibang salik sa kanilang kapaligiran o lipunang kinabibilangan at ang suliranin ay nakabatay sa mga naturang salik na siya namang sisikaping lutasin ng pangunahing tauhan.
3. Sa pagsusuring ginawa sa mga obra maestrang isina-komiks, lumutang ang iba't ibang uri ng tauhang ibinatay sa paglalarawang masusumpungan sa orihinal na akda. Sa mga pangunahing tauhan maging sa pantulong na mga tauhan, nakita ang mga dinamikong gampanin ng bawat isa na nagbigay-kulay sa daloy ng kuwento at sa pagkakaroon ng konsistent na karakter. Madali ring makikilala ng mambabasa ang tumatayong antagonista at protagonista sa mga obra maestra.
4. Iba't ibang uri ng diyalogo o usapan ang ginamit sa mga bersyon ng mga obra maestrang isina-komiks ang nakatulong upang maiparating sa mambabasa ang emosyon ng mga tauhan sa isang tiyak na eksenang kinapapalooban. May mga diyalogong pansarili na nagpapakita ng mga iniisip ng tauhan at mga uri ng usapang nagtatanghal sa pag-uusap ng dalawa o higit pang mga tauhan. Sa kabilang banda, may mga diyalogo ring hindi gaanong lumutang sa kabuuan ng bawat bersyon maliban na lamang kung ang mga ito ay hinihingi sa pangyayari.
5. Sa mga salaysay na ginamit sa mga obra maestrang isina-komiks, makikita ang maiikli hanggang katamtamang haba ng paglalarawan sa mga eksena sa loob ng isang kuwadro para sa mga pangyayaring may kalakip na mas detalyadong ilustrasyon. Samantala, kalimitang makikita ang mahahabang salaysay sa pagsisimula ng kuwento upang ipakilala ang mga tauhan at ilarawan ang mga tagpuan. Nagsilbing gabay rin ang mga salaysay na ginamit upang masundan ng mambabasa ang transisyon ng mga pangyayari gayundin ang paglalarawan sa mga pangyayaring hindi ipinakikita sa loob ng isang kuwadro.
6. Ang lahat ng mga obra maestrang isina-komiks ay may pananaw na nasa ikatlong persona kung kaya't higit na naging madulas ang paraan ng paglalahad. Mayroon din namang bersyong gumamit ng iba pang pananaw na nasa ikalawang persona upang ipakita naman ang malikhaing pagsasalaysay mula sa perspektibo ng isang tauhan.
7. Ang mga temang nakapaloob sa mga obra maestrang isina-komiks ay nakaangkla sa mga tema ng orihinal na akda. Lahat ng ito ay nagtataglay ng higit sa isang tema na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pamilya, pakikipaglaban sa ngalan ng pag-ibig, pagrespeto sa magkaibang paniniwala, pananaig ng kabutihan laban sa kasamaan, at masidhing pagmamahal sa bayan. Sumasalamin ang mga temang ito sa panitikan, kultura, at kasaysayan ng bansa na maiuugnay ng mambabasa sa realidad ng lipunang kinabibilangan.

8. Batay sa pagsusuri sa estilong ginamit ng mga manunulat, higit na tuwiran at pinasimple ang pagbuo ng mga salaysay at mga diyalogo kumpara sa wikang ginamit sa mga orihinal na akda. Sa kabila nito, pumili pa rin ang mga manunulat ng mga kagamitang pangwika na makapagpapabatid sa mambabasa ng sinaunang panahon at tagpuang umiiral sa kuwento. Patunay rito ang paggamit ng mga tayutay sa ilang makahulugang paglalarawan gaya ng pagtutulad, pagwawangis, pagpapalit-tawag, pagpapalit-saklaw, onomatopeya at pagmamalabis. Kapansin-pansin pa na sa bawat obra maestrang isina-komiks, may isa mula sa dalawang bersyon ang gumamit ng mas malalim na mga salita habang ang isang alternatibong bersyon nito ay mas magaan at payak na pananalita ang ginamit na naglalarawan sa kani-kaniyang estilo ng mga manunulat.
9. Sa pagsusuri ng mananaliksik sa pahinasyon ng mga komiks, ang bawat bersyon ay maituturing na isang *full length novel* na makatwiran sa pagpapakita ng mahahalagang pangyayari sa orihinal na anyo ng mga obra maestrang pinagbatayan ng mga ito. Natuklasan ding nakaapekto ang pagpili ng eksenang siyang isinama sa mga bersyong isina-komiks at ang estilo sa pagguhit na maaaring sumakop nang malaki o maliit na bahagi ng isang pahina.
10. Batay sa pagsusuring isinagawa sa mga uri ng kuha sa loob ng kuwadro, natuklasang malaki ang gampanin ng mga kuhang ito sa pagpapakilala ng mga tauhan, pagseset ng *mood* ng tagpuan, pagpapakita ng relasyon o ugnayan ng mga karakter, at pagpapaigting ng mga pangyayari sa kabuuan ng kuwento. Ang paggamit ng mga angkop na kuha sa loob ng kuwadro ay malaki ang naiaambag upang lubos na masundan at maunawaan ng mambabasa ang mensahe ng mga obra maestra.

Matapos ang pagsusuring isinagawa ng mananaliksik, mahalagang awtput ng pag-aaral na ito ang pagbuo ng isang pamantayan na magagamit ng mga edukador sa pagpili ng angkop na suplementaryong babasahin gaya ng komiks bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo ng mga obra maestra. Kaugnay nito, ginamit na lunsaran ang mga datos na lumabas sa pagsusuri upang maisaayos ang mga katangiang titingnan o hahanapin sa bawat elemento at aspekto ng komiks na makatutugon bilang epektibong pantulong na kagamitan sa pagtuturo. Sa mga pagkakatulad at mga pagkakaibang taglay ng mga elemento ng sinuring komiks, naisaalang-alang ang balanseng pagbuo ng mga kategorya sa pamantayan upang masuri sa sistematikong paraan ang mga obra maestrang isinakomiks.

**Konklusyon at Rekomendasyon**

May mga pagkakatulad at pagkakaiba ang mga bersyon ng bawat obra maestrang isina-komiks. Kabilang sa mga pagkakatulad ng mga ito ang magkaagapay na paggamit ng mga salita at larawan, mga katangiang taglay ng mga pangnilalamang elemento gaya ng banghay, tauhan, paggamit ng pananaw sa ikatlong persona, at tema. Ilan naman sa mga pagkakaibang nasuri sa mga komiks ang iba't ibang estilo ng mga awtor sa paghabi ng mga diyalogo at salaysay, mga tayutay at iba pang kagamitang pangwika, transisyon, maging sa teknikal na aspekto gaya ng pahinasyon at iba't ibang kuha sa mga kuwento upang ipakita ang mga mahahalagang pangyayari mula sa orihinal na akda. Kaugnay nito, kailangan ang pagtiyak sa mahahalagang pangyayaring isasama sa komiks mula sa orihinal na akda dahil nakaaapekto ito sa kredibilidad ng paggamit ng suplemental na babasahin bilang epektibong pantulong sa pagtuturo ng mga obra maestra.

Sang-ayon sa mga teorya nina McCloud (1993; 2006), Gimena (2011) at Valiente (2009) kaugnay sa sining ng pagbuo ng komiks gayundin ang mga konsiderasyong inilahad nina Lardizabal et al. (2002) at Tomlinson (2001) sa pagpili at pagdisenyo ng pantulong na kagamitan na nakaangkla sa Teorya ng Motibasyon sa Pagbasa nina Guthrie at Wang (2004), nakabuo ang mananaliksik ng isang instrumentong maaaring gamitin na pamantayan sa pagsusuri ng komiks bilang suplementaryong babasahin na magiging katuwang ng guro sa pagtalakay ng mga aralin partikular na sa mga akdang pampanitikan kabilang ang mga obra

maestra.

Batay sa mga naging resulta, iminumungkahi sa pag-aaral na ito ang kahalagahan ng pagsusuri sa mga babasahing gagamitin bilang pantulong na kagamitan sa pagtuturo. Makatutulong ito upang mapiling mabuti ang mga suplementaryong materyal na ipagagamit sa mga mag-aaral tungo sa pagpapalawak at pagpapayaman ng mga aralin, maging sa mga manlilikha ng komiks sa pagtiyak ng kaangkupan nito sa target na mambabasa.

**Mga Sanggunian**


Arellano, G.V. (1981). *The PIE industrial model: A guide to systematic teaching*. Quezon City: RM Garcia Publishing House.

Bernabe, N.O. (2001). *Mga awtentikong babasahin bilang pantulong na kagamitan sa pagbasa para sa mga mag -aaral sa unang taon ng mataas na paaralan.* Tanging Proyekto. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.

Diaz, E.A. (2006). *Suggested instructional materials in teaching reading-writing connection to fourth year high school students.* Seminar Paper. Lungsod ng Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.

Douglas, H.R. (1967). *The high school curriculum*. New York: The Renald Press Co.

Erickson, C. (1992). *Fundamentals of teaching with audio visual & technology*. New York: Mc Graw-Hill Book Co.

Gimena, G. E. (2011). *Blag: Malikhaing pagsulat sa popular na literatura*. Rizal: Writer's Bookshelf Publishing, Inc.

Guamen, P.C. et al. (1993). *Tanging gamit ng Filipino*. Manila: Rex Publishing Company, Inc.

Guthrie, J. T. & Wang, J. H., & (2004). Modeling the effects of intrinsic motivation, extrinsic motivation, amount of reading, and past reading achievement on text comprehension between U.S. and Chinese students. *Reading Research Quarterly*. Baltimore: Paul H. Brookes.

Hofferman, H. (1962). The right comics can be classroom tools. *The Instructor*.

Lardizabal, A.S. et al. (2002). *Principles and methods of teaching 1*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

Lardizabal, A.S. et al. (2014). *Principles and methods of teaching 2*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.

Makey, H.C. (1962). Comic books – A challenge. *The English Journal.*

Maramba, A.D. (2006). *Essays on living: Beyond the classroom*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.

McCloud, S. (1993). *Understanding comics: The invisible art*. New York: Kitchen Sink Press.

McCloud, S. (2006). *Making comics: Story secrets of comics manga and graphic novels*. Harper Collins Publishers.

Nilsen, A.P. et al. (2001). *Literature for today's young adults (6th ed.*). Addison-Wesley Longman, Inc.

Nunan, D. (1998). Principles for designing language teaching materials. *Materials Preparation*, 10 (2).

Nunan, D. (1988). *The learner-centered curriculum. Cambridge*: Cambridge University Press.

Owens, L. (1969). Educational comics- A medium for visual education. *The Catholic School Journal*.

Reyes, S.S. (1997). *Pagbasa ng panitikan at kulturang popular, piling sanaysay*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Reyes, S.S. (2002). *Reading popular culture*. Quezon City : Ateneo de Manila University Press.

Sabin, R. (1993). *Adult comics: An introduction*. Routledge London and New York Press.

Straiger, R. (1982). The reading teacher. *Review , 6.*

Tomlinson, B. (2001). *Materials development in language teaching.* Cambridge: Cambridge University Press.

Valiente, R. & Salvador, F. (2007). *Komiks sa paningin ng mga tagakomiks*. Quezon City: Central Books Publishing.

Valiente, R. (2009). *Pinoy komiks rebuy, 1(1)*. Quezon City: Central Books Publishing.

Velasco, Z.M. (1989). *Comics reading among the intermediate school children: Its relationship to their academic performance* (Tesis). Lalawigan ng Bulacan: Bulacan College of Arts and Trades

Weiner, B. (1990). History of motivational research in education. *Journal of Educational Psychology*. New York: Macmillan.